

STATE OF WASHINGTON  
DEPARTMENT OF SOCIAL AND HEALTH SERVICES  
ECONOMIC SERVICES ADMINISTRATION (ESA)  
DIVISION OF CHILD SUPPORT (DCS)

**Sulat para sa Paglalabas ng Impormasyon ng Tirahan**  
**Address Release Information Letter**  
(RCW 26.23.120 at WAC 388-14A-2107)

PARA KAY:

NUMERO NG KASO:

Maaaring kayong bigyan ng Economic Services Administration (ESA), Division of Child Support (DCS) ng ilang impormasyon ng tirahan tungkol sa kabilang partido sa utos ng suporta sa inyong anak o sa inyong tunay o inampon na mg anak kung natutugunan ninyo ang sumusunod na mga kinakailangan.

1. Dapat ninyong bigyan ang ESA / DCS ng nakasulat na pahayag na sinasabi sa amin kung bakit gusto ninyong makuha ang impormasyon ng tirahan. Mayroong form ang ESA /DCS na maaari ninyong gamitin na tinatawag na **Kahilingan ng Pagsisiwalat ng Tirahan**.
2. Dapat ninyong bigyan ang ESA / DCS ng pahayag na hindi binago ng hukuman ang inyong utos para higitan, tanggihan, o baguhin ang inyong mga karapatan sa pagbisita, katayuan ng legal na kustodiya, o mga karapatan sa oras ng pamamalagi sa tahanan.

Maaari lang ilabas ng ESA / DCS ang impormasyon ng tirahan para sa mga sumusunod na dahilan.

1. Maaari ninyong hilingin ang huling nalalaman na tirahan o impormasyon ng tirahan ng employer tungkol sa kabilang partido sa inyong utos para sa suporta. Maaari **lang** ninyong gamitin ang impormasyon na ito upang bumuo, ipatupad o baguhin ang iyong utos para sa suporta.
2. Maaari ninyong hilingin ang huling nalalaman na tirahan ng iyong tunay o inampon na mga anak. Dapat mayroon kayong utos ng hukuman na nagbibigay sa inyo ng mga karapatan sa pagbisita, legal na kustodiya, o oras ng pamamalagi sa tahanan na kasama ng mga anak. Maaari **lang** ninyong gamitin ang impormasyon na ito upang ipatupad ang mga tuntunin ng inyong utos ng hukuman.
3. Maaari ninyong hilingin ang huling nalalaman na tirahan ng kabilang partido sa inyong utos para sa suporta. Maaari **lang** ninyong gamitin ang impormasyon na ito upang bumuo ng plano sa pagiging magulang para sa (mga) anak na pinangalanan sa utos para sa suporta.

Dapat ibalik ninyo o ng inyong abogado ang **Kahilingan ng Pagsisiwalat ng Tirahan** sa DCS sa nakalistang address sa pahina 2.

1. Maaari kayong pumunta sa tanggapan ng DCS at magpakita sa amin ang angkop na pagkakakilanlan. Kung ipapadala sa amin ng inyong abogado ang kahilingan, hindi ninyo kailangan pumunta.
2. Kung isusumite ninyo ang kahilingan sa pamamagitan ng koreo, dapat ipanotaryo ninyo ang form. Kung ipapadala ng inyong abogado ang form sa DCS, hindi na kailangang ipanotaryo ng inyong abogado ang form.

**Mga kahilingan para sa paglalabas ng tirahan ng magulang na may kustodiya o tirahan ng bata:**

Bago ibigay ng ESA / DCS sa magulang na walang kustodiya ang impormasyon ng tirahan para sa magulang na may kustodiya o mga anak, dapat naming sabihin sa magulang na may kustodiya ang tungkol sa kahilingan. Mayroong 30 araw ang magulang na may kustodiya upang:

1. Kumuha ng utos ng hukuman na magpapatigil sa ESA / DCS mula sa paglalabas ng tirahan.
2. Magbigay o kumuha ng utos ng hukuman na naglilimita sa karapatan ng magulang na walang kustodiya upang bisitahin o makipag-ugnayan sa magulang na may kustodiya o mga anak.
3. Kumuha ng utos ng hukuman na nagsasabi na ang kalusugan, kaligtasan, o kalayaan ng magulang na may kustodiya o mga anak ay hindi makatwirang malalagay sa panganib kung ilalabas ng ESA / DCS ang tirahan. (WAC 388-14A-2114(1)(C)).
4. Humiling ng pagdinig upang sabihin sa Administrative Law Judge mula sa Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig (isang hiwalay na ahensiya ng estado) na hindi dapat ilabas ng ESA / DCS ang tirahan.

Kung hindi hihiling ang magulang na may kustodiya ng isang pagdinig, tutugon ang ESA /DCS sa inyong kahilingan sa loob ng 45 araw. Sasabihin sa inyo ng DCS kung humihiling ng pagdinig ang magulang na may kustodiya. Maaari kayong sumali sa pagdinig.

Kung mayroong dahilan ang ESA / DCS na paniwalaan na ang paglalabag ng tirahan ay maaaring magresulta sa pisikal o emosyonal na pinsala sa magulang na may kustodiya o ang mga anak, hindi ilalabas ng ESA / DCS ang tirahan. Kahit na magdesisyon ang ESA / DCS na hindi ilabas ang tirahan, sasabihin ng ESA / DCS sa magulang na may kustodiya ang tungkol sa kahilingan.

**Mga kahilingan para sa paglalabas ng tirahan ng magulang na walang kustodiya:**

Pinahihintulutan ng batas ng Washington ang ESA / DCS na ilabas ang tirahan ng magulang na walang kustodiya sa magulang na may kustodiya nang walang paunang abiso maliban kung humiling ng paunang abiso ang magulang na walang kustodiya. Kung humiling ng paunang abiso ang magulang na walang kustodiya, ang mga pamamaraan ng paglabas ay kapareho ng sa mga inilalarawan para sa paglalabas ng tirahan ng mga magulang na may kustodiya. Gayunpaman, kung mayroong dahilan ang ESA /DCS na paniwalaan na ang paglalabas ng tirahan ng magulang na walang kustodiya ay maaaring magresulta sa pisikal o emosyonal na pinsala sa magulang na walang kustodiya o mga anak, hindi ilalabas ng ESA / DCS ang tirahan.

---

PETSA

---

AWTORISADONG KINATAWAN  
ECONOMIC SERVICES ADMINISTRATION  
PUBLIC DISCLOSURE UNIT

Kung mayroon kayong mga tanong, makipag-ugnayan sa:

DIVISION OF CHILD SUPPORT

PO BOX 11520

TACOMA WA 98411-5520

Sa loob ng lugar na matatawagan sa Olympia (360) 664-5000

Sa labas ng lugar na matatawagan sa Olympia (800) 457-6202

Magagamit ang mga serbisyo ng TTY o TDD para sa may kapansanan sa pagsasalita o pandinig.

Pumunta sa aming website sa: [www.dshs.wa.gov/esa/division-child-support](http://www.dshs.wa.gov/esa/division-child-support)

Walang taong didiskriminahan dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, paniniwala, relihiyon, kasarian, edad, o kapansanan, sa trabaho, mga serbisyo, o anumang aspeto ng mga aktibidad ng programa. Makukuha ang form na ito sa mga alternatibong ayos kapag hiniling ito.